



MGA PROYEKTONG PAGPAPAHUSAY SA 15TH AVE S

Inaasahang magsisimula ang konstruksyon sa unang bahagi ng 2021!


PANGKALAHATANG IDEYA NG PROYEKTO

Nagbibigay ang 15th Ave S na mula sa S Spokane St hanggang sa S Angeline St ng isang mahalagang koneksyon para sa mga taong pumupunta o dumaraan sa Beacon Hill. Magsasagawa ang Kagawaran ng Transportasyon ng Seattle (Seattle Department of Transportation, SDOT) ng mga pagpapahusay sa pasilyong ito na magbabalanse ng mga pangangailangan ng lahat ng mga gumagamit para makarating ang lahat sa kung saan nila kailangang pumunta nang ligtas at maginhawa.



Gagawa ng mga pagpapahusay sa kaligtasan sa interseksyon ng 15th Ave S, S Columbian Way, at S Oregon St.

LOKASYON NG PROYEKTO



MGA PAGSASAAYOS NG SEMENTADONG DAAN

Mula sa interseksyon ng S Columbian Way at S Spokane St, hanggang 18th Ave S pasilangan at S Angeline St naman patimog, kami ay:

- Maglalagay ng bagong sementadong daan
- Magsasaayos ng mga lagusan ng tubig mula sa lansangan (drainage)
- Gagawa ng mga pagsasaayos para sa mga pedestrian sa mga piling lokasyon

Ayusin din namin ang mga lane para sa mga pakanang pagliko lamang (right-turn-only) sa 15th Ave S at S Spokane St.

Bawat taon, sinesemento namin ang mga pangunahing kalsada (arterial streets) na nasa masamang kondisyon para gawing mas ligtas at mas patag ang mga ito at para pahabain ang kapakinabangan ng mga ito. Nagbibigay rin ng mga oportunidad ang pagsasaayos ng mga kalsada na mapahusay ang kaligtasan dito at mas mapadali ang pagbiyahe ng mga tao at produkto sa umuunlad na Seattle.

MGA PAGSASAAYOS NG INTERSEKSYON

Sa interseksyon ng 15th Ave S, S Columbian Way, at S Oregon St, aming:

- Lalagyan ng mga proteksyon para sa mga taong nagbibisikleta ang kalsada
- Ayusin ang mga senyas para sa mga taong naglalakad o nagro-roll
- Ililipat ang himpilan ng bus
- Lalagyan ang lugar ng isang pedestrian-friendly peninsula para sa mga naglalakad, nagbibisikleta, at nagro-roll sa S Columbian Way at 15th Ave S

Nakakalito ang interseksyong ito para sa mga taong naglalakad, nagro-roll, nagbibisikleta, at nagmamaneho. Sa pamamagitan ng proyektong ito, gagawin naming mas ligtas ang interseksyon, na maglalapit sa ating pagkamit ng Vision Zero: Ang plano ng Seattle na wala nang mga kamatayan at malalang pinsalang dulot ng trapiko sa mga kalsada ng lungsod pagdating ng 2030.


May karagdagang katanungan? Interesadong makatanggap ng mga update tungkol sa proyekto?

BISITAHIN: seattle.gov/transportation/15th-Ave-S-AAC

EMAIL: 15thAveAAC@seattle.gov **TELEPONO:** (206) 775-8719

BUOD NG KONSTRUKSYON

Naka-iskedyul na magsimula ang konstruksyon sa unang bahagi ng 2021 at tatagal nang hanggang 8 buwan. Sa karamihan ng mga lugar, papalitan lamang ang pinakataas na 2 hanggang 3 pulgada ng kalsada para maayos ang daan. May ilang lugar na mangangailangan ng mas malalim na pagsasaayos, o naiiba at natatanging gawain para sa mga kanal, mga bangketa, at iba pang elemento. Isasagawa ng naatasang kontratista ang proyekto nang baha-bahagi mula sa timog papuntang hilaga. Aabutin ang bawat seksyon nang 1 hanggang 3 linggo upang matapos, depende sa kailangang gawin, panahon, at iba pang salik.



ANO ANG AASAHAN SA PANAHONG NG KONSTRUKSYON

- Ingay, alikabok, pagyanig, at malalaking kagamitan
- Babawasan o ililihis ang mga lane ng trapiko at bangketa
- Pansamantalang haarangan ang mga daanan papasok sa mga garahe, o maapektuhan ng ilang araw sa isang pagkakataon
- Mga pansamantalang pagsasara ng interseksyon

Papanatilihin pa rin ang access sa mga negosyo, at bibigyan ng paunang abiso ang mga negosyo at residente tungkol sa anumang pagsasara ng daanan. Makakaasa kayong may malinaw at mabisang paglihis ng mga daan (detours) at mga karatula sa lugar ng proyekto.

MANATILING KONEKTADO

Para maipaalam sa iyo ang tungkol sa proyektong ito, magbibigay kami ng maagang abiso sa pamamagitan ng mga pag-update sa email, mga kaganapan, at sa webpage ng proyekto.

MGA SIMBOLO SA MAPA NG PAGPAPAHUSAY NG INTERSEKSYON:

- Kanto ng bangketa
- Box ng bisikleta (*proteksyon ng bisikleta sa sangandaan*)
- Kasalukuyang daanan ng bisikleta na magiging protektadong daanan ng bisikleta
- Kasalukuyang protektadong daan ng bisikleta
- Kasalukuyang himpilan ng bus
- Bagong himpilan ng bus
- P Maiiwang paradahan
- 25 25 milya kada oras (mile per hour, mph) ang takdang tulin (speed limit)
- Luntiang Pook
- May paunang agwat ang mga pedestrian (*nagbibigay sa mga pedestrian ng karagdagang oras para tumawid bago magbago ang mga hudyat ng trapiko ng sasakyan*)
- Hudyat

PONDO Nagmula ang pondo sa inaprubahan ng mga botante noong 2015 na 9 na taong Buwis para Isulong ang Seattle (9-year Levy to Move Seattle), na magpopondo sa mga pagpapahusay ng kaligtasan para sa lahat ng biyahero, pagpapanatili ng mga kalsada at tulay, at pamumuhunan sa mga maaasahan at abot-kayang opsyon sa pagbibiyaha/ para sa isang umuunlad na lungsod.

Pinopondohan ang bahaging pag-aaspalto ng proyektong ito ng aming programa sa pag-aaspalto at ng Federal Highway Administration (FHWA) Preservation Grant na pinamamahalaan ng WSDOT. Tumatanggap din ang proyektong ito ng pondo mula sa programang SDOT Safe Routes to School, na ginagawang mas madali at mas ligtas para sa mga mag-aaral na maglakad at magbisikleta sa Seattle.

May karagdagang katanungan? Interesadong makatanggap ng mga update tungkol sa proyekto?

BISITAHIN: seattle.gov/transportation/15th-Ave-S-AAC
EMAIL: 15thAveAAC@seattle.gov **TELEPONO:** (206) 775-8719

